County of Santa Clara

Registrar of Voters

1555 Berger Drive, Bldg. 2
San Jose, CA 95112
Mailing Address: P.O. Box 611360, San Jose, CA 95161-1360
(408) 299-VOTE (8683) (866) 430-VOTE (8683) FAX: (408) 998-7314
www.sccvote.org

Minamahal na Botante,

Natanggap ng Tagapagrehistro ng mga Botante ng County ng Santa Clara ang iyong Pansamantalang Balota para sa April 8, 2025 Espesyal na Halalan, Lunsod ng San José, Konseho ng Distrito 3.

Ipinapadala namin sa iyo ang liham ng **Pahayag sa Sobre ng Pagkakakilanlan** na ito dahil hindi mo napirmahan ang iyong sobre ng Pansamantalang Balota o ang pirma sa sobre ng iyong Pansamantalang Balota ay hindi tugma sa aming mga talaan. Ang iyong boto ay hindi maipoproseso maliban lamang kung susundin mo ang mga hakbang na nakabalangkas sa liham na ito.

Upang itama ang bagay na ito, dapat mong kumpletuhin ang isa sa mga opsyon na ibinigay sa mga tagubilin sa likurang bahagi ng liham na ito. Dapat matanggap ng Tagapagrehistro ang pahayag sa likurang bahagi ng liham na ito, o maaaring bumisita sa opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante upang pirmahan ang iyong orihinal na sobre ng balota nang hindi lalampas sa **18 araw pagkatapos ng halalan, Sabado, Abril 8, 2025**, upang matiyak na maipoproseso at mabibilang ang iyong Pansamantalang Balota.

County of Santa Clara **Registrar of Voters** 1555 Berger Drive, Building 2 San Jose, CA 95112 **Toll Free:** (866) 430-VOTE (8683) **Fax:** (408) 998-7314 **Email:** voterinfo@rov.sccgov.org	**Regular na Oras na Bukas ang Opisina:** Lunes – Biyernes, 8:00 AM – 5:00 PM *(Hindi kasama ang Pista Opisyal)*
Para sa mga direksiyon patungo sa aming opisina, bisitahin ang: https://vote.santaclaracounty.gov/hours-locations-directions-tagalog	

Ang iyong Pahayag sa Sobre ng Pagkakakilanlan
ay dapat matanggap ng Opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante ng County ng Santa Clara
nang hindi lalampas sa 18 araw pagkatapos ng halalan, Sabado, Abril 8, 2025.

Board of Supervisors: Sylvia Arenas, Betty Duong, Otto Lee, Susan Ellenberg, Margaret Abe-Koga
County Executive: James R. Williams

BASAHIN NANG MAIGI ANG MGA TAGUBILING ITO. ANG HINDI PAGSUNOD SA MGA TAGUBILING ITO AY MAARING MAGING DAHILAN NG HINDI PAGKAKABILANG NG IYONG BALOTA.

Upang maiproseso ang iyong Pansamantalang Balota, punan ang pahayag sa ibaba, pirmahan ang linyang nasa itaas ng "Pirma ng Botante", at ibalik ang iyong napirmahang pahayag sa alinmang sumusunod na mga opsiyon sa pagbabalik:

1. **I-email ang napirmahan at nakumpletong pahayag sa aming opisina.** Ito ay dapat matanggap ng aming opisina nang hindi lalampas sa **18 araw pagkatapos ng halalan, Sabado, Abril 8, 2025.** Ang email address ay voterinfo@rov.sccgov.org.
2. **Ipakoreo ang iyong napirmahan at nakumpletong pahayag sa aming opisina sa kalakip na sobreng bayad na ang selyo.** Ito ay dapat matanggap ng aming opisina nang hindi lalampas sa **18 araw pagkatapos ng halalan, Sabado, Abril 8, 2025.** Hindi tatanggapin ang mga tatak ng koreo.
3. **I-fax ang napirmahan at nakumpletong pahayag sa aming opisina.** Ito ay dapat matanggap nang hindi lalampas sa **18 araw pagkatapos ng halalan, Sabado, Abril 8, 2025.** Ang numero ng fax ay (408) 998-7314.
4. **Pumunta nang personal sa Opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante.** Maaari kang pumunta sa aming opisina sa direksiyong nasa ibaba, Lunes hanggang Biyernes, ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon upang PIRMAHAN ang iyong orihinal na sobre ng Pansamantalang Balota o ibalik ang Pahayag sa Sobre ng Pagkakakilanlan. Dapat itong maisagawa nang hindi lalampas sa **18 araw pagkatapos ng halalan, Sabado, Abril 8, 2025.**

Tandaan: Ang inilagay na pirma ay maaaring idagdag sa iyong talaan ng botante para sa mga layunin sa paghahambing ng pirma sa mga halalan sa hinaharap.

PAHAYAG SA SOBRE NG PAGKAKAKILANLAN

Ako, si _____, ay isang rehistradong botante ng County ng Santa Clara sa
(Pangalan ng Botante)

Estado ng California. Ipinapahayag ko sa ilalim ng parusa sa pagsasabi ng hindi totoo, na humiling ako (o tumanggap ako) at nagbalik ng pansamantalang balota at ako ay hindi bumoto at hindi boboto ng mahigit sa isang balota sa halalang ito. Ako ay residente sa lugar ng presinto kung saan ako bumoto, at ako ang taong tinutukoy ng pangalang nasa sobre ng pansamantalang balota. Nauunawaan ko na kung gagawa o susubok ako ng anumang pandarayang may koneksiyon sa pagboto, o kung tutulong ako o mag-uudyok ng pandaraya o kung susubukan kong tumulong o mag-udyok ng pandarayang may koneksiyon sa pagboto, maaari akong mahatulan ng isang mabigat na kasalanan na mapaparusahan ng pagkakabilanggo nang 16 na buwan o dalawa o tatlong taon. Nauunawaan ko na kapag hindi ko pinirmahan ang pahayag na ito ay mangangahulugang mawawalan ng bisa ang aking pansamantalang balota.

(Pinirmahan) _____
Pirma ng Botante (hindi tatanggapin ang kapangyarihan ng abugado)

(Testigo) _____
Kung hindi makakapirma ang botante, ang botante ay maaaring gumawa ng markang dapat saksihan ng isang tao.

Pinetsahan ngayong _____ araw ng _____, 2025.

Direksiyon ng Tirahan: _____
Direksiyon ng Kalye Lungsod Kodigo Postal

Direksiyong Pangkoreo: _____
Direksiyon ng Kalye Lungsod Kodigo Postal

County of Santa Clara Registrar of Voters
Address: 1555 Berger Drive, Building 2, San Jose, CA 95112
Mailing Address: P.O. Box 611360, San Jose, CA 95161-1360
Toll Free: (866) 430-VOTE (8683); **Fax:** (408) 998-7314; **Website:** www.sccvote.org

Board of Supervisors: Sylvia Arenas, Betty Duong, Otto Lee, Susan Ellenberg, Margaret Abe-Koga
County Executive: James R. Williams